

# 1

“Magandang umaga!” nakangiting bati ni Ella sa kalawakan nang dumungaw siya sa balkonahe ng silid niya. Isang panibagong araw na naman. Isang bagong simula.

Kababalik niya lang mula sa Japan kahapon. Inimbitahan siya ng isang kaibigan para magbakasyon.

“Ma’am Ella...” Narinig niyang may kung sinong kumatok sa pinto ng silid niya.

“Saglit lang po.” Nagtungo siya sa pinto at pinagbuksan ito. Bumungad sa kanya ang masayang mukha ng mayordoma. “Good morning po.”

“Good morning din po, Ma’am. Pinapatawag na po kayo ng papa at mama n’yo. Kakain na po.”

“Sige po. Magpapalit lang po ako.”

“Sige po, Ma’am.” Umalis na ito. Muli siyang pumasok sa silid niya para magpalit ng damit.

Makaraan ang ilang sandali ay bumaba na siya sa dining room. Hindi niya inasahan ang madadatnan niya. Kompleto yata sila ngayon. Hindi nabanggit sa kanya ni Manang Anita na lumuwas pala ang Kuya

Edward niya kasama ang pamilya nito.

“Tita Ella!” Patakbo na lumapit kanya ang dalawa niyang pamangkin.

“Jamie, Enzo.” Bahagya siyang lumuhod at niyakap ang mga ito. “Na-miss ko kayo,” abot-tainga niyang wika.

Nakita niyang tumayo at lumapit sa kanila ang kanyang Ate Janna, ang asawa ng kuya niya. “Hi, Ella,” nakangiti nitong bati sa kanya.

“Hi, Ate. “Humalik siya sa pisngi nito. “Kumusta na po kayo?”

“Okay lang,” tugon nito.

“Janna, dalhin mo na dito ang mga bata, naghihintay sina Mama at Papa. Pati ang pagkain ay pinaghihintay n’yo,” narinig niyang sabi ni Kuya Edward.

Nagkatinginan sila ng hipag niya at ngumiti sa isa’t isa. “Halika na, kumain na tayo,” pag-aya nito sa kanya. Tumango siya. “Tayo na sa mesa, mga anak.” Nagpatiuna ang mga ito sa pagtungo sa hapag. Sumunod naman siya.

Nagtungo si Ella sa kinauupuan ng mga magulang niya. Humalik siya sa pisngi ng mga ito.

“Good morning po,” bati niya sa mag-asawa.

“Good morning din, hija. Kumain ka na,” nakangiting tugon ng ina niyang si Marsha.

“Opo.” Napatingin siya sa Kuya Edward niya, pero hindi siya nito binigyan ng kahit isang tingin man lang. Nilapitan niya ang kapatid at humalik siya sa pisngi nito.

“Hi, Kuya. It’s nice to see you again.” Ngunit tila wala itong narinig dahil hindi pa rin siya pinansin.

Napabuntong-hininga na lang siya at ngumiti. Nagtungo siya sa upuan na katabi ng silya ng mama niya. Gumaan ang pakiramdam niya sa paraan ng pagtitig nito.

Nginitian niya ito at nagsimulang kumain. Tahimik nilang pinagsaluhan ang almusal.

Limang taon nang hindi maganda ang relasyon ng dalaga sa nag-iisa niyang nakatatandang kapatid. Nagsimula ang di nila pagkakaunawaan nang talikuran niya ang pagpapatakbo ng farm nila. Maliban sa pagpapatakbo nito ng farm, si Edward din ang namamahala sa kompanyang itinayo ng papa nila.

Gusto ng kapatid niyang tulungan niya ito.

Ngunit kahit anong gawin niya ay malayo ang loob niya sa pagnenegosyo.

“Tita, galing po kayo ng Japan?” pagbabasag ng katahimikan ng pamangkin niyang si Jamie.

“Oo,” nakangiti niyang tugon. “May pasalubong kayo sa akin. Marami ‘yun.”

“Thank you po, Tita.”

“Ako po, Tita?” paglalambing naman ni Enzo.

Mas lalo namang lumapad ang ngiti niya. “Marami din siyempre.”

“Bilisan n’yo nang kumain, Enzo, Jamie, dahil uuwi na tayo ngayon. Marami pa akong trabahong naiwan,” singit ng kuya niya.

“Kuya, ngayon lang tayo ulit nagkita ‘tsaka ng mga bata, baka p’wedeng bukas na lang kayo umuwi,” nakangiti niyang sabi sa kanyang kapatid. Ngunit patuloy lang ito sa pagkain.

“Wala akong oras na magliwaliw tulad mo,” tugon nito sa matigas na tinig.

Tumikhim ang papa niyang Diego. “Tama na ‘yan, nasa harap tayo ng pagkain.”

Umiling si Edward saka tumingin sa kanilang

ama. “Yan po’ng problema sa inyo, Pa, eh. Masyado n’yong bine-baby ‘tong bunso n’yo kaya ayaw magtrabaho.”

Naramdaman ni Ella ang mainit nitong tingin sa kanya.

“Edward, please.” Hindi na rin napigil ng mama niya ang magsalita.

Tumikhim muna siya nang mahina bago uminom ng tubig. “Excuse me po, Ma, Pa, kailangan ko na pong umalis. Bibisitahin ko pa po ang mga bata,” pagpapaalam niya sa kanilang mga magulang.

Bumuntong-hininga si Diego. “Sige na, kaysa sa magtalo pa kayo dito sa hapag-kainan.” Nginitian niya ito.

“Thanks po. Ma, Ate Janna, mauna na ako sa inyo.”

“Okay. Mag-ingat ka, Ella,” anang ginang. Tinanguan naman siya ng kanyang hipag.

Ngumiti lang siya at dinaanan ng tingin ang kapatid. Tumayo siya at nilapitan ang mga pamangkin niya. “After n’yong kumain, punta kayo sa room ko, ha? May ibibigay si Tita.”

“Opo, Tita,” halos magkasabay na sagot ng mga

ito.

Bumalik na ang dalaga sa silid niya. Bibisitahin niya ang mga bata sa Tondo. Out of school youths ang mga ito. Sa pagbibigay ng kalinga at tulong sa kabataan ang pangunahing pinagkakaabalahan niya sa buhay. Hindi mahalaga sa kanya ang pera. Palagi niyang iniisip ang kapakanan ng mga musmos kaysa sa sarili niyang interest. At iyon ang bagay na hindi maintindihan ng kuya niya.

Sana nga lang dumating ang araw na magkabati na sila.

Naligo siya at nagbihis. Eksaktong nakahanda na siyang umalis nang may kumatok sa pinto ng silid niya. “Tita!” Napangiti siya nang marinig ang tinig ng mga pamangkin niya.

“Nandiyan na si Tita.” Tinungo niya ang pinto at pinagbuksan ang mga ito. Sinamahan ng isa sa mga kasambahay ang mga bata sa pag-akyat.

“Sige na po, Ate, ako na po’ng bahala sa kanila,” aniya sa kasambahay.

“Sige po, Ma’am. Tawagin n’yo na lang po ako kapag may kailangan kayo.”

“Salamat po, Ate.” Ngumiti ito bago umalis.

Bumaba ang tingin niya sa dalawang anghel na nasa harap niya. “Pasok kayo sa room ni Tita.” Nilakihan niya ang pagbukas ng pinto. Abot-tainga naman ang ngiti ng mga ito.

“Wow! Ganda!” Patakbo na tumalon sa kama niya si Jamie. Agad na hinuli nito ang stuffed toy na malaking pink *Hello Kitty*.

Kahit beinte-seis na si Ella, nahihilig pa rin siya sa mga stuffed toy. Kahit ang mga laruan niya noong bata siya ay maayos pa ring naka-display sa silid niya. Masinop siya sa lahat ng bagay.

Sumunod naman sa pag-akyat sa kama niya ang bunso sa dalawa, si Enzo. Kahit saan niya ito tingnan, mukha ni Edward ang nakikita niya. Napangiti siyang tumabi sa mga ito.

“Tita, can I have this?” wika ni Jamie habang pilit niyayakap ng maiiksi nitong braso ang malaking *Hello Kitty* stuffed toy.

“Sure,” mabilis niyang tugon.

Kumislap ang mga mata nito sa tuwa. “Really, Tita?”

Marahan niyang pinisil ang pisngi nito. “Yes, sa ‘yo na ‘yan.”

Binitawan nito ang stuffed toy at humalik sa pisngi niya. “Thank you, Tita.”

“You’re welcome.” Inayos niya ang buhok ni Jamie na bahagyang tumabon sa mukha nito.

Napatingin siya kay Enzo nang kalabitin siya nito. “Tita, ako po?” tanong nito, sabay haba ng nguso.

Nginitian niya ito. “Pwede bang walang ibibigay si Tita Ella sa pinakaguwapong Enzo?” Tumayo siya para tunguhin ang cabinet niya. Kinuha niya mula roon ang dalawang malalaking box. “This is for Enzo, and this is for Ate Jamie.” Kitang-kita ang ngiti sa mga labi ng dalawang bagets.

Unang binuksan ni Jamie ang ibinigay niya para rito. “Wow!” Tuwang-tuwa ito nang makita nito ang malaking doll na binili niya. Kusang gumagalaw at naglalakad ang manika na iyon. Nagagawa rin niyong gayahin kung ano ang sinasabi ng taong nasa paligid.

“It’s beautiful! Thank you, Tita.”

Ngumiti siya at hinimas ang pisngi nito. Napatingin siya kay Enzo. “Open it, honey.” Ngumiti ito.

“*Transformer!*” Tumalon-talon pa ito nang makita ang pasalubong niya. Isang laruan iyon na



nagagawang mag-transform bilang robot o kotse. Depende sa humahawak ng remote. “Thank you, Tita!” Muntik na siyang mapahiga nang bigla siya nitong sinunggaban ng yakap.

Tumawa si Ella at hinagkan ito sa buhok. “Kaya love na love ko kayo, eh. Ang sweet!” Inalis niya ang pagkakayakap ni Enzo at hinawakan ito sa pisngi.

Isang katok sa pinto ng silid niya ang nagpatigil sa kanila. Akmang tatayo na siya nang kusang bumukas iyon.

“Daddy!” sabay na sambit ng mga bata nang iniluwa ng pinto ang kapatid niya.

Seryoso ang mukha nito, walang emosyon na mababanaag.

“Enzo, Jamie, uuwi na tayo.” Tahimik na tumayo ang mga pamangkin niya at bumaba ng kama.

“Thank you po, Tita,” sabay na sabi ng dalawa bago tumakbo palapit sa daddy ng mga ito.

Nakangiting pinagmasdan ni Ella ang mga bata. Ngunit di man lang nagpaalam ang kuya niya. Napabuntong-hininga siya nang mawala na ang mga ito sa paningin niya. Tumayo siya at kinuha ang sling bag. Aalis na siya.

Lalabas na sana siya nang mapansin niya ang stuffed toy na *Hello Kitty*. Kinuha niya iyon at nagmadaling bumaba ng hagdanan, baka sakaling hindi pa nakaalis ang mga ito.

Gumaan ang kanyang pakiramdam nang maabutan niyang nandoon pa rin ang pamilya ni Edward. Nagpapaalam ang mga ito sa mga magulang niya.

“Jamie,” tawag niya sa batang babae nang aktong sasakay na sana ito sa kotse. Nilingon siya nito at napangiti nang makita ang dala niya. “You forgot this,” aniya, sabay bigay rito ng laruan.

“Thank you po, Tita.”

“You’re welcome. Alagaan mo si *Hello Kitty*, gift pa ‘yan sa akin ng daddy mo.”

“I will, Tita, thanks. ‘Bye po.” Nakangiti itong sumakay ng kotse.

Kumaway siya sa mga ito. Ganoon din ang ginawa ng Ate Janna niya.

Napatingin si Ella sa kuya niya na nagpapaalam sa mga magulang nila. Napangiti siya nang tingnan siya nito. Nagulat siya nang humakbang ito palapit sa kanya.

Bumuntong-hininga ito bago nagsalita. “Dalawin mo naman ang farm. Miss ka na daw ni Aling Josefa. Palagi ka niyang tinatanong.” Ang sinasabi nitong Josefa ay ang tumayong nanay nila noong nakatira pa sila sa farm. Noong mga bata pa sila ay kadalasan silang naiwan ng kanilang mga magulang sa pangangalaga ng matanda, kaya napalapit ang loob nila sa huli.

Nginitian niya ito. “Pupunta din ako d’un, Kuya. Maybe one of these days.”

Tumango lang si Edward saka sumakay na ito ng sasakyan. Pinanood nilang umalis ang mga ito.

Nilapitan niya ang kanyang mga magulang. “Ma, Pa, aalis po ako.”

Ngumiti ang mama niya. “Mag-iingat ka, hija.” Niyakap siya nito.

“Dalhin mo rin minsan ang mga batang ‘yan sa farm para naman makakain ng preskong prutas doon,” nakangiting sabi ng papa niya nang yumakap siya dito.

“Baka kapag ginawa ko po ‘yun, mas lalong magalit si Kuya.”

“Mabait ka, Ella, at gan’un din ang kuya mo.

Alam mo ‘yan. Nagsusungit lang siya dahil sa tampo. Subukan mo kasing lambingin tulad n’ung mga bata pa kayo. Kahit gan’un siya sa ‘yo, mahal ka niya and I’m sure he’s happy for you. Proud si Edward sa ‘yo dahil sa pagtulong mo sa ibang tao.”

Nginitian niya ang ginoo. “In God’s time, Pa.”

---

Malayo pa lang ay natatanaw na ni Ella ang mga batang naglalaro sa eskinita ng Tondo. Hindi namalayan ng mga ito ang pagdating niya dahil abala ang mga ito sa paglalaro. Itinabi niya ang sasakyan niya at bumusina. Nakuha niya ang atensyon ng grupo.

Agad na gumuhit ang ngiti sa labi ng mga ito nang makita ang kotse niya.

Nakangiti siyang bumaba ng sasakyan. “Kumusta, mga bata?”

“Ate Ella!” Nagsitakbuhan ang pitong bata palapit sa kanya. Dinumog siya ng yakap ng mga ito. “Ate, na-miss ka po namin.”

“Na-miss ko rin kayo.” Isa-isang umalis ang mga ito sa pagyakap sa kanya. “Kumusta kayo? Bakit kayo lang? Nasaan si Bitoy?” Ang batang hinahanap niya

ang pinakabata sa mga ito at pinakabibo. Naaaliw siya sa tuwing kaharap ito.

Kumunot ang noo niya nang walang kahit na isa ang sumagot sa tanong niya.

“Hindi n’yo ba talaga sasabihin sa akin kung nasaan si Bitoy?”

“Nilalagnat po si Bitoy, Ate. Binugbog na naman po kasi siya ni Mang Ben,” sagot ng isa.

Napabuntong-hininga siya sa sinabi nito. “Gan’un ba? Saan ba ang bahay ni Bitoy?” tanong niya.

Kagat-labing nagkatinginan ang mga bata.

“Ate Ella, ‘wag n’yo pong pupuntahan si Bitoy. Kapag ngayong oras po kasi ay nand’un si Mang Ben at lasing na po. Baka po mapahamak kayo,” sagot ni Shiela sa kanya. Ito ang pinakamatanda sa lahat.

“Hindi naman ako makikipag-away. Dadalawin ko lang si Bitoy,” nakangiti niyang wika. “Kumain na lang muna kayo, may dala akong pagkain para sa inyo.” Binuksan niya ang pinto ng kotse at inilabas ang mga supot ng mga pagkain na binili niya kanina sa fastfood drive-thru.

“Wow, ang sarap niyan!”

Napangiti siya nang marinig iyon. “Shiela, bigyan mo silang lahat. Pupuntahan ko lang si Bitoy.”

“Pero, Ate...”

Nginitian niya ito. “Okay lang ako, ‘wag kang mag-alala. Magtatanong-tanong na lang ako d’un kung saan ang bahay ni Bitoy.”

Naglakad na si Ella papasok sa masikip na eskinita. Sari-sari ang mga taong nandoon. May mga taong nag-iinuman, may mga taong naglalaro ng baraha.

Napapailing siya sa sarili habang patuloy sa paglalakad. Paano lalaki nang normal ang kabataan sa ganitong lugar? Naniniwala siya na ang pagkatao ng isang tao ay nahuhubog sa kapaligirang kinalakihan nito.

Saglit siyang napahinto nang makasalubong ang isang may-edad na babae.

“Ate, p’wede pong magtanong?”

“Ano iyon, hija?”

“Saan po ang bahay nina Bitoy? ‘Yung batang lalaki po?”

“Si Bitoy na anak ni Ben? “

Ngumiti siya. “Opo, siya nga po.”

“Nandoon pa sa looban, hija. Nang dumaan ako d’un ay nagkakagulo sila. Nag-aaway ang mag-asawa. Lasing na naman yata si Ben, kaya mas mabuti kung ‘wag—”

“Maraming salamat po,” pagpuputol niya ng sasabihin nito.

“Hija, delikadong tao si Ben kapag nalalasing! Hija!” pahabol na sigaw ng may-edad na babae, ngunit di natinag ang dalaga sa sinabi nito. Oras na makita niyang nananakit ang Ben na ito, babaliin niya ang bawat parte ng katawan nito.

Malayo pa lang siya, naririnig na niya ang sigawan sa loob ng maliit na bahay.

Walang pasabing pumasok sa loob si Ella. Nadatnan niyang umiiyak at nagtitili si Bitoy habang binubugbog ng malaking mama ang isang babae na walang ibang magawa kundi sumigaw.

Nilapitan niya ang bata. “Bitoy..” Luhaan ang mga mata nitong tumingin sa kanya. Bakas ang gulat sa mukha nito nang makita siya.

“Ate Ella...” Hinawakan niya ang mukha nito at pinunasan ang luhaan nitong pisngi. Pagkatapos ay

napansin niya ang nagkukulay-ube nitong pisngi.

“Bitoy, lumabas ka muna.”

“Pero, Ate, si Inay..” Tumingin si Bitoy sa gawing nanay nito.

“Lumabas ka na, ako na’ng bahala. ‘Wag nang matigas ang ulo.” Tumango lang ito at agad na lumabas.

Nang mawala na ito ay nilapitan niya ang mag-asawa. Walang awang pinagsasampal ng tatay ni Bitoy ang nanay nito.

“Tama na ‘yan!” Nakuyom niya ang kamao niya.

Nilingon siya ng lalaki nang marinig nito ang boses niya. “At sino ka naman? Bakit ka nandito? Paano ka nakapasok, ha?” Dinuro siya nito. “Aba, ang ganda mo pala.” Humakbang ito palapit sa kanya. Hahawakan sana nito ang mukha niya, ngunit mabilis niyang nahawakan ang kamay nito. Binali niya iyon, at pinagsusuntok ito sa tagiliran. Hindi niya ito tinigilan hangga’t di ito bumabagsak sa sahig.

Nang bumagsak ang lalaki ay agad niyang tiningnan ang ginang na duguan. “Lumabas ka na. Isama mo si Bitoy.”

Luhaan ang mga mata nitong tumango at



lumabas.

Muli niyang binalingan ang nakahilatang mama. Pinagsisipa-sipa niya ito sa tiyan na mas lalong nagpahina rito. Agad siyang naghanap ng tali. Kinuha niya ang hunting knife na nakatago sa sapatos niya at pinutol ang tali na nakita niya. Kinuha niya ang dalawang kamay ng lalaki at iginapos. Maging ang mga paa nito ay di niya pinalagpas.

Nang matapos si Ella ay agad siyang lumabas ng bahay. Dumami ang tao sa paligid. Hindi niya makita si Bitoy at ang nanay nito. Nagmadali siyang umalis sa lugar na iyon. Habang pabalik siya sa kinaroroonan ng kotse niya, kinuha niya ang kanyang cellphone sa bulsa ng pantalon at tinawagan ang numero ng pulis.

## 2

Marahang hinagod ni Archie ang buhok ng kanyang anak habang mahimbing itong natutulog. Tatlong buwan na ang nakalipas mula nang patayin ang kanyang maybahay. Natagpuan itong duguan sa verandah ng kanilang tahanan, may tama ng saksak sa tiyan. Wala siya sa bahay nang mangyari ang trahedyang. At hanggang ngayon ay wala pa ring naibibigay na solusyon ang kapulisan. At patuloy siyang natatakot para sa kaligtasan ng nag-iisa niyang anak.

Kahit anong pag-iisip ang gawin niya kung sino ang maaaring pumatay sa asawa niya, wala siyang makuhang sagot. Mabait ito at walang kaaway, kaya labis siyang nagulat sa nangyari. Ngunit natitiyak niyang may mas malalim pang dahilan ang lahat ng ito at iyon ang aalamin niya.

Hinalikan ni Archie ang noo ng kanyang anak bago ito iniwan. Tumayo siya at lumabas ng silid nito. Bumaba siya sa unang palapag ng bahay niya. Nadatnan niyang naghahanda ng inumin si Mang Martin. Ito ang kanang-kamay noon ng kanyang daddy. At nang pumanaw na ang huli, sa kanya

naman ito naglilingkod. Ito na rin ang nagsisilbing ikalawang ama niya.

Agad itong tumingin sa kanya nang mapansin nito ang presensya niya. Kinuha nito ang kopita na may laman ng alak at ibinigay sa kanya. “Para makatulog ka nang mahimbing,” anito.

Isang mapaklang ngiti ang sumilay sa mga labi niya. “Salamat.” Tinanggap niya ang baso. Napatingin siya sa kopitang hawak niya at napabuntong-hininga. “Bakit kailangang mangyari ang mga bagay na ito sa pamilya ko?” Nilagok ni Archie ang alak matapos sabihin iyon.

“May mga bagay talagang nangyayari na di natin maintindihan at matanggap. Isipin mo na lang na ito ang nais ng Diyos.”

Napailing si Archie. “Ang alin? Ang patayin ang asawa ko? At manganib ang buhay ng anak ko? Hangga’t di nahuhuli ang pumatay sa asawa ko, hindi magiging ligtas si Marie,” may pagmamatigas sa boses na tugon niya.

“Patawarin mo ako, hijo, pero wala akong magawa para gumaan ang pakiramdam mo.”

Nginitian niya at tinapik sa balikat ang matandang lalaki. “Wala po kayong dapat ihingi ng tawad.”

Umupo siya sa sofa. “Yung tungkol nga po pala sa agent na mula sa *Black Python*, naasikaso n’yo na po ba? May ibibigay ba daw sila sa atin?”

Tumango ang kausap. “Kakarating lang daw kahapon ng agent na napili nila para ipadala rito. Bukas maaari mo siyang makita sa opisina nila.”

Napatango siya. “Sana makatulong siya. Ikamamatay ko kapag may nangyaring masama sa anak ko.” Nilagok niya ang natitirang alak sa kopita niya.

“Hindi pababayaang ng Diyos ang anghel na tulad ni Marie, Archie.”

---

Pasipol-sipol na pumasok ng opisina ng *Black Python* si Ella. Ang *Black Python* ay isang security agency na kinabibilangan ng undercover agents. Bukod sa pagiging matulungin sa kapwa at malapit sa mga bata, magaling din siyang magputol ng sungay ng masasamang-loob. Wala kahit na isa sa kanyang pamilya ang nakakaalam ng pagiging undercover agent niya.

Sa unang tingin ay para siyang *Maria Clara*, pero ang totoo, nasa loob din ang kulo niya. Kaya niyang patumbahin ang sampung lalaki kung mano-

mano lang ang pamamaraan. Sino ang mag-iisip sa tulad niyang role model sa paningin ng mga batang tinutulungan niya na magagawa niyang magpaputok ng baril?

Nasa Japan pa lang si Ella ay panay na ang tawag sa kanya ni Alona. May bago raw kasong naghihintay para sa kanya. Dapat kahapon pa siya nag-report, ngunit dahil mas mahalaga sa kanya ang mga bata, inuna niya ang pakikipagkita sa mga ito. At ang kinalabasan, napaaway siya sa lasenggero.

Napapailing na lamang ang dalaga sa naisip. Habang naglalakad siya sa hallway ng opisina ay di-sinasadyang may makabanggaan siya. “S-sorry.” Nagtaas siya ng tingin dito.

Bumungad sa kanya ang isang lalaki. Kahit may eyeglasses ito, kita niya pa rin ang mala-kulay abo nitong mga mata. Matangos ang ilong nito at makinis ang balat. Wala siyang nakikita kahit isang pilat o pimple sa mukha nito. Ngunit kung naguguwapuhan siya rito, mukhang di naman ito nasiyahan na makita siya.

Seryoso ang mukha nito. Idagdag pa ang black suit nito at ang nakakasilaw na sapatos. Unang tingin pa lang ay halatang madamot ito sa ngiti.

“Be careful next time,” anito sa matigas na tinig saka umalis. Para itong robot kung kumilos. De-numero at walang kabuhay-buhay.

*Sayang, type ko pa naman sana.* Lihim siyang natawa sa sarili niya.

Napapailing na lamang siyang nagtungo sa tanggapan ni Alona.

“Ella.” Agad na tumayo ang babae nang makita siya. Lumapit ito sa kanya at niyakap siya. “Mukhang maganda ang naging bakasyon mo, ah.”

“Talaga naman maganda ako, hindi lang ang bakasyon.” Natatawa itong umiling sa sinabi niya.

Sabay silang umupo sa sofa na nasa opisina nito. Si Alona ang nagsisilbing leader ng batch nila. “Wala ka bang nadaling sakang d’un sa Japan?” pabiro nitong saad.

“Wala, eh. Walang nakahuli ng taste ko. Kanina may nakita ako, pero mukhang masungit,” nakangiti niyang tugon.

“Gamitan mo ng charm mo.” Sabay silang tumawa. “Oo nga pala...” Tumingin ito sa wristwatch nito. “Darating ngayon si Mr. Mariano, ang anak niya ang babantayan mo.”

Tumango-tango siya. “Okay, not bad.”

“Punta na tayo sa office ng black-headed pythons?” Ang tinutukoy nito ay ang tatlong lalaki na big boss nila sa *Black Python*.

“Sure, na-miss ko ang kasungitan ni Sir Jed.”  
Napapailing na tumayo ang kausap niya.

---

Nadatnan nilang may kausap ang tatlong big boss. Nang pumasok ang dalawang babae ay agad nilang nakuha ang atensyon ng mga ito. Mabilis na tumayo si Lee at sinalubong sila.

Nakangiti itong niyakap si Alona. Mas lalong lumapad ang ngiti nito nang tingnan siya. “Ella...” Lumapit ito sa kanya at niyakap siya. “Kumusta ang Japan? May nakita ka bang mas guwapo d’un kaysa sa akin?” tanong nito nang humiwalay ito sa pagkakayakap sa kanya.

Marahan niyang tinapik ito sa balikat. “Mas guwapo pa rin po kayo, Sir.”

Sa tatlong boss nila, si Lee ang makuwela at malapit sa mga agent. Madali kasi itong pakisamahan. Kahit ubod ito ng bilib sa sarili nito, mabait ito.

“That’s enough, Lee. Naghihintay si Archie dito,”

saway sa kanila ng isang maawtoridad na boses. Hindi na kailangam pang tingnan ni Ella kung sino ang nagmamay-ari ng tinig na iyon. Iisang tao lang naman ang masungit sa tatlo.

“Pasensyahan mo na ‘yang si Jed, mayroon kasi ‘yan,” pahabol na bulong nito sa kanya. Tumikhim ito at naunang nagtungo sa mesa. Sumunod naman si Alona.

Nakangiting naupo siya sa tabi ng babae. Isa-isa niyang nginitian ang dalawa sa tatlong kinikilala nilang boss. Dahan-dahan siyang napatingin sa estrangherong kasama nila sa silid na iyon. Nanlaki ang mga mata niya nang makita ito. *Bakit siya nandito?*

“Archie, siya si Agent Ella Sandico. Siya ang ibibigay naming bodyguard ng anak mo,” simula ni Jed sa usapan.

*Anak nito? May anak na pala? So, may-asawa na din?* Lihim na tumatakbo sa isipan niya ang mga salitang iyon. Kung sabagay, sa tingin niya ay nasa mid-thirties na rin ito.

Matiim itong nakatingin sa kanya. Ngunit ang mukha nito, wala pa ring ekspresyon. Parang ang manhid!



“Paano magagawang protektahan ng isang tulad niya ang anak ko?” Derecho itong tumingin kay Jed.

Napataas ang isang kilay ni Ella sa sinabi nito. “Mawalang-galang na po. Kung nagdadalawang-isip po kayo, p’wede naman kayong maghanap ng ibang agent.” Hindi niya napigilan ang sarili na magsalita.

“Ella.” Natahimik ang dalaga nang tingnan siya ni Jed.

“I’m sorry, Sir,” paumanhin niya.

“Archie, hindi namin ipipilit ang agent namin sa iyo kung nagdadalawang-isip ka. At isa pa, ikaw naman ang lumapit sa amin. Ngayon, kung ayaw mo, wala kaming magagawa,” pagsasatinig ni Art, ang ikatlong boss nila.

*Naman!* Lihim siyang napasimangot sa sinabi ni Art.

“Archie, si Agent Ella ay isa sa mga agent ng *Black Python*, at dahil nakapasok siya sa ahensyang ito, ibig sabihin ay hindi siya basta agent lang,” pagtatanggol din sa kanya ni Jed.

“Ganito na lang gawin natin. ‘Yung mga bodyguards mo, bakit hindi natin subukang ipatumba kay Agent Ella?’ mungkahi ni Lee.

Tumingin sa kanya ang antipatikong robot. Tinaasan niya ito ng kilay. “Okay lang sa akin. Anong parte ba ng katawan nila ang gusto mong baliin ko?” tanong niya rito.

Bumuntong-hininga si Archie. “Gusto kong lumaki nang maayos ang anak ko, kaya iwasan mong maging bayolente sa paningin niya,” seryosong saad nito.

“Kung gan’un, pumapayag na kayo?” usisa rito ni Alona.

“Siguraduhin niya lang na di mapapahamak ang anak ko,” ang tanging itinugon nito sa tanong ng dalagang katabi niya.

---

Nanggagalaiti sa galit si Ella habang naglalakad sila ni Alona pabalik sa opisina nito.

“Grabe ‘yung isang ‘yun, ha! Pagkatapos niyang maliitin ang kakayahan ko, papayag naman din pala,” napapailing na pahayag niya sa dalaga.

“Hayaan mo na, intindihin mo na lang. Hindi rin kasi basta-basta ang napagdaanan n’ung tao.”

“Anong hindi basta-basta?”

Tumingin ito sa kanya. “Three months ago, pinatay ang asawa niya.”

“Pinatay?” gulat niyang sabi. “B-bakit pinatay?”

Nagkibit-balikat ito. “Yun ang tanong na kahit mga pulis, walang masagot. Hangga’t di nakikilala ang salarin, natural lang na mangamba siya sa kaligtasan ng anak niya.” Tumango siya bilang pag-intindi sa sinabi nito. “Kaya kapag nasa bahay ka na nila, mag-iingat ka. Alam ko namang kaya mo, pero mahirap hulaan ang nasa isip ng mga taong walang klarong pagkakakilanlan,” seryosong saad nito. “Lalo na’t bata ang babantayan mo.”

“Sana nga lang di namana n’ung bata ang kasungitan ng tatay niya,” wala sa loob niyang sabi. Tinapik nito ang balikat niya.

“Don’t worry, kaya mo ‘yun. Kaya nga ikaw ang pinili nina Sir Jed kasi alam nilang malapit ka sa mga bata.”

“Kung sabagay.” Napatingin si Ella sa kasama nang may maalala siya. “Mate, bakit nga pala parang kilalang-kilala nina Sir Jed ‘yung antipatikong ‘yun? ‘Archie’ lang kasi ang itinatawag nila.”

“Ang pagkakaalam ko, magkakaibigan sila. Sumali din yata sa *Black Python* si Archie Mariano,

kaya lang di natuloy nang mamatay ang father niya. Nag-iisa lang siyang anak at kailangan niyang harapin ang responsibilidad na naiwan ng papa niya.” Napansin nitong napangiti siya. Napataas ang kilay nito. “Anong ngiti ‘yan?”

“Wala lang. Parang ang dami mo kasing alam.”

Napailing si Alona sa narinig mula sa kanya. “Trabaho ko ‘yun. Ano na lang isasagot ko kung may tanong kayo?”

Tumango siya bilang pagsang-ayon. “Oo nga naman.” Napabuntong-hininga siya. “Mukhang kailangan ko na namang magsinungaling kina Mama. Ano kaya’ng idadahilan ko ngayon? Kakabalik ko lang mula sa Japan ‘tapos mawawala na naman ulit ako.”

# 3

Tinanggal ni Ella ang suot niyang sunglasses nang makarating siya sa tapat ng bahay ni Archie Mariano. Napansin niya ang maraming guards sa paligid. Ibang klase na talaga ang killer na iyon kung makakapasok pa ito sa bahay ng robot na si Archie.

“Welcome to Mariano mansion, Agent Ella.” Isang matandang lalaki ang lumabas ng mansyon at sinalubong siya. “Ako nga pala si Martin, ang katiwala ni Sir Archie.” Tumango siya sa sinabi nito. Sumenyas ito sa isa sa mga guard. Lumapit naman ito. “Dalhin mo ang mga gamit ni—”

“No! ‘Wag na,” putol niya sa sasabihin ng kausap. Gumuhit ang pagtataka sa mukha nito. “Ayaw kong pinapakialaman ang gamit ko. Hindi ako basta nagtitiwala. Mahirap na, baka masalisihan ako.”

Ngumiti ito sa paliwanag niya. “Mukhang di nga nagkamali si Sir Archie sa ‘yo.” Tumingin ito sa kotse niya. “Baka naman p’wede kong ipamaneho sa kanya ang kotse mo para mailagay sa garahe?”

Isang ngiti ang ibinigay niya rito. “Pasensya ka na, hindi umaandar ang kotse ko kung hindi ako ang

nagmamaneho.” Napatingin siya sa guard na tahimik na nakatayo sa tabi nila. “Ituro mo na lang sa akin ang garahe,” aniya rito.

Ngumiti ang matandang lalaki. “Sige na, samahan mo siya sa garahe bago dumating si Marie. Baka magtaka pa siya kung bakit may kotse ang bago niyang yaya.” Derecho ang tingin nito sa kanya.

Hindi maganda ang pakiramdam ng dalaga kay Martin. May kung anong nagsasabi sa kanya na dapat siyang mag-ingat dito. Kung anuman ang nagtutulak sa kanya sa ganoong pag-iisip, aalamin niya iyon. Hindi siya makakapayag na maisahan ng sinuman.

“Walang masama kung may kotse ang isang yaya. Hindi nasusukat ang pagkatao ng isang nilalang sa katayuan niya sa buhay. Maraming tao ang nagtatago sa huwad na pagkatao.” Nagsalubong ang mga kilay nito sa sinabi niya.

“Interesante ang pagkatao mo, Agent Ella.” Makahulugan ang tingin nito sa kanya.

“Nagiging interesado din po ako sa inyo. Gusto ko pa po kayong makilala nang lubusan.” Tumawa ito sa itinugon niya.

“Mukhang magkakasundo tayo, Ella.”

Nagkibit-balikat siya. “Tingnan natin.”

---

Habang hinihintay ni Ella ang pagdating ng batang babantayan niya, nag-ikot na muna siya sa buong mansyon. Isa-isa niyang tiningnan ang bawat sulok ng bahay. Maging ang silid ng magiging alaga ay tiningnan niya. Nang makapasok siya sa loob, ini-lock niya ang pinto. May dinukot siya sa bulsa ng pantalon niya. Isa-isa niyang in-assemble ang mga micro camera na ilalagay niya sa bawat sulok ng silid ng bata. Konektado iyon sa cellphone niya. Nang matapos siya ay agad na siyang lumabas.

Nasindak siya nang makitang nasa labas ng silid na iyon ang matandang si Martin.

“Ano’ng ginagawa mo sa kuwarto ni Marie?” agad na tanong nito.

“Parte ‘yun ng trabaho ko kung ano man ‘yun. At sa pagkakaalam ko, wala akong p’wedeng kausapin tungkol sa trabaho ko kundi si Mr. Mariano lang. At sa kanya lamang din ako p’wedeng magpaliwanag,” matigas na tugon niya.

“Sumunod ka sa akin, dumating na ang mag-ama.” Tumalikod ito at nanguna sa paglalakad.

Masusi niyang pinagmasdan si Martin habang nakasunod siya sa likuran nito. Wala pa nga siyang isang araw sa bahay na ito, umiinit na ang pakiramdam niya. Paano pa kaya kapag nagtagal pa siya?

---

Naabutan nilang nagtatawanan ang mag-ama. Napangiti si Ella nang makita niyang nakaupo sa paanan ni Archie ang anak nito. Hindi niya maiwasang maalala ang papa niya. Parang kailan lang ay naglalaro pa sila. At ngayon may mga bagay na di nito alam tungkol sa kanya, ang pagiging agent niya.

Tumikhim ang matandang kasama niya. Nakuha nito ang atensyon ng mag-ama.

“Lolo...” Agad na umalis ang bata sa kandungan ng tatay nito. Mabilis itong lumapit sa matanda.

“Kumusta ang ‘yong pag-aaral, hija?”

“Okay lang po, Lolo.” Tumingin ito sa kanya. Nginitian niya ito. “Sino po siya, Lolo?”

“Siya si Ella, ang bago mong yaya,” tugon ni Archie na nasa likuran ng anak nito.

Mataman siyang tiningnan ng paslit. Nginitian niya ito. “Hi, I’m Ate Ella. How are you?”



Agad naman itong ngumiti sa kanya. “Okay lang po. Ako po si Marie.”

“Ang ganda naman ng name mo, parang ikaw.” Hinimas niya ang buhok nito.

“Ang ganda n’yo rin po, Ate Ella,” nakangiti pa ring saad nito.

Mukhang mabait ang bata. Hindi nito namana ang masungit na ugali ng ama nito. Tumingin siya kay Archie at nginitian ito.

Nagtama ang kanilang mga paningin ngunit saglit lang iyon. Inilipat ng lalaki ang atensyon sa anak nito. “Baby, from now on, dito na titira si Ate Ella. At kahit saan ka magpunta, kasama mo siya,” paliwanag nito sa paslit.

“Para pong si Mommy?”

Hindi alam ng dalaga kung kaligayahan ba o kalungkutan ang sumilay sa ngiti ni Marie. Kapansin-pansin din ang pag-iba ng ekspresyon ng mukha ng ama nito.

Nakadama siya ng lungkot sa buong paligid niya. Bakas sa mga ito ang kalungkutan. Ano ba naman itong nararamdaman niya? Hindi siya dapat ganito. Isa pa, ngayon niya nga lang makikilala ang

mag-ama, ngunit sadyang sensitibo siya sa ganitong mga pagkakataon. Marahil, dahil na rin sa pagiging malapit niya sa mga bata.

Pinunasan ni Archie ang luhaang pisngi ng anak nito. “Don’t cry, baby. Magtatampo si Mommy niyan,” anitong pinapagaan ang pakiramdam ng anak nito.

Hindi napigilan ni Ella ang mapangiti. Hindi niya akalaing mapagmahal palang ama si Archie. Nakokonsyensya tuloy siya. Agad niyang hinusgahan ang pagkatao nito.

Nakita niyang ngumiti ang batang babae. Pinunasan ng maliliit nitong kamay ang basa nitong mga pisngi. “Sorry, Dad,” wika nitong niyakap ang ama nito. Agad din itong humiwalay.

“That’s my girl. Sige na, sumama ka na kay Ate Ella mo. Magpalit ka na.”

Nagpalitan ng ngiti ang mga ito. Hinalikan ni Marie sa pisngi ang ang biyudo bago lumapit sa dalaga.

“Let’s go to your room?” aya niya sa musmos nang hawakan niya ang kamay nito.

“Opo, Ate,” sang-ayon nito. Tiningnan muna niya si Archie bago sila lumayo ng bata.

Nagulat siya nang makitang ngumiti ito. Totoo ba iyon? O baka namalikmata lang siya.

“Take good care of Marie,” anito bago sila tuluyang umalis.

---

“What do you think? Magiging okay ba si Marie sa kanya?” tanong ni Archie sa matandang lalaking nasa tabi niya. Pareho silang nakatingin kay Ella na paakyat ng hagdanan habang hawak nito ang kamay ng bata.

“Hindi ko pa masasabi. Pero mukhang okay naman siya,” sagot nitong tumangu-tango.

Napabuntong-hininga siya. “Hindi ko alam. Pero mukhang may nagsasabi sa akin na siya ang makakatulong sa amin ng anak ko.”

“Nakikita ko si Mariel sa kanya. At alam kong gan’un ka din.” Agad niyang nilingon si Martin. Ngumiti ito sa kanya. “May pagkakapareho sila ng nasira mong asawa. Ang mga mata niya at ang ngiti niya. Si Mariel ang nakikita ko,” dagdag pa nito.

“Kung ano-ano po’ng sinasabi n’yo. Nag-iisa lang po ang asawa ko,” matigas na tugon niya.

“Alam ko. Subalit iba ang nakikita ko sa mga

mata mo nang tingnan mo siya kanina.”

Niluwagan ni Archie ang kanyang kurbata. “Pakisabi po kay Manang Anita, gusto ko po ng kape,” nasabi niya na lamang dito. Ayaw niyang makipagtalo sa kausap lalo na’t tungkol sa nasira niyang asawa. Masyado pang sariwa ang sugat sa puso niya.

Hindi niya pa kayang pag-usapan nang matagal ang tungkol dito.

Iniwang niya si Martin para magtungo sa kanyang study. Hinubad niya ang coat at inihagis iyon sa couch. Umupo siya sa swivel chair at sumandal. Tinanggal niya ang suot na salamin at ipinikit ang mga mata. Marahan niyang hinilot ang sentido.

*Mariel...* Iminulat ni Archie ang kanyang mga mata nang makita sa isipan ang nasirang maybahay. Unti-unting nanlabo ang mga mata niya. Hanggang sa dumaloy ang butil ng luha sa kanyang pisngi. Nanikip ang dibdib niya. Labis na galit ang nararamdaman niya sa sarili. Namatay ang pinakamamahal niyang babae nang wala man lang siyang nagawa. Hindi niya ito nailigtas. Naging pabaya siya at walang kuwenta. *I’m sorry, I’m really sorry.*

Yumugyog ang mga balikat niya. Kailanman ay di niya mapapatawad ang sarili sa nangyari kay

Mariel. Sana siya na lang ang namatay. Dahil alam niyang mas magagabayan nito ang anak nila habang lumalaki ito.

Pinunasan ni Archie ang luha. Tumayo siya at nagtungo sa mesa na may nakapatong na alak. Nagsalin siya ng brandy sa kopita. Tiningnan niya ang alak na nilalaman niyon at napahigpit ang hawak niya sa baso.

“Magbabayad siya... ipinapangako ko ‘yan, mahal ko.” Nagliliyab ang paningin niyang nilagok ang alak. “Ako mismo ang kikitil ng buhay niya, oras na makilala ko siya.” Mahigpit na kinuyom niya ang kamao.